フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 179

Ika-29 ng Enero 2021
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL : 054-221-3715

YouTube Video

## Pagsasagawa ng Seminar Para sa mga May Pananagutan sa Iwas-krimen sa FY2020

Ang pamahalaang panlalawigan ay taon taon nagsasagawa ng seminar sa silangan (Tōbu), sentro (Chūbu) at kanlurang (Seibu) bahagi ng lalawigan para sa mga may pananagutan sa iwas-krimen sa mga bahay kalakal at kumpanya upang kusa nilang maitaguyod ang mga hakbang para maiwasang maganap ang krimen sa kanilang kumpanya at bahay kalakal. Ngunit ngayong piskal na taon, isinigawa ito online sa “Shizuoka Pref Channel” sa YouTube bilang hakbang para maiwasan ang pagkalat ng coronavirus.

Nilalaman

**Paksa:** “Para mapangalagaan ang mga nagtratrabahong kababaihan laban sa krimen”

**Tagapagsalita:** Bb. Naho Shimizu (Pinuno ng Step Research Center)

### YouTube【Shizuoka Pref. Channel】
### Seminar Para sa mga May Pananagutan sa Iwas-krimen Nilalaman ng Bidyo

| | |
|---|---|
| (1)Pagpasok sa trabaho ① | Pangunahing bersyon Kasalukuyang lagay ng krimeng bumibiktima sa mga kababaihan<br>https://youtu.be/y_2EGdGHPLQ |
| (2)Pagpasok sa trabaho ② | Pagsasagawa na bersyon　Pagtulong sa mga biktima<br>https://youtu.be/goLJqBUJmtY |
| (3)Bahay at pinagtratrabahuan ③ | ＊Kabilang ang mga dapat pag-ingatan para hindi maging salarin ang mga kalalakihan atbp<br>https://youtu.be/kFkxdHfXA7A |

♣ Website ng seminar para sa mga may pananagutan sa iwas-krimen
https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-130/bouhanseminar.html

♣ Pwedeng i-access sa pamamagitan ng QR code

**Panahon na maaring mapanood:**
**Enero 20 (Miyerkules)～Disyembre 31 (Biyernes) 2021**
**＊Katanungan tungkol sa nilalaman ng bidyo at pagpapasa ng survey tungkol sa seminar**
**Hanggang Pebrero 10, 2021 (Miyerkules)**

＊Humihingi kami ng pang-unawa kung ngayon piskal na taon ay hindi ninyo mapanood ang bidyo dahil sa kawalan ng access sa internet.

＊May pagkakataon na magbabayad kayo para sa panonood batay sa inyong kontrata sa serbisyo ng internet. Ang kukuha ng seminar ay siyang dapat sumagot sa bayarin kung sakaling mayroon man.

**Para sa katanungan/Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko（☎　054-221-3715）**

# Eksibisyon ng Mensahe sa Pamumuhay sa Kencho

## Alam ba ninyo ang "Eksibisyon ng Mensahe sa Pamumuhay"?




**Ang "Eksibisyon ng Mensahe sa Pamumuhay"...**

ay isang panel na eksibisyon ng mga binawian ng buhay sanhi ng aksidente sa trapiko o biktima ng krimen na isinasagawa ng Museo ng Buhay, isang NGO sa Tokyo,

Ang panel na kasing laki ng biktima ay likhang kamay ng kanilang mga naiwang mahal sa buhay. Nakadikit sa panel ang litratro ng biktima at mensahe ng kanilang pamilya at sa bandang paanan naman ay nakalagay ang kanilang sinuot na sapatos noong sila ay nabubuhay pa bilang patunay ng kanilang panandaliang pananatili dito sa mundo.

Ang tahimik na mensahe ng mga biktima ay isinisiwalat sa lahat kaya ang panel ay tinatawag na "tagapaghatid ng mensahe". Maliban sa pagsasagawa nito sa mga paaralan ng high schools sa loob ng lalawigan, isinasagawa rin ito sa mga panayam ng mga naiwang pamilya ng biktima.

Isinagawa ang "Eksibisyon ng Mensahe sa Pamumuhay sa Kenchō" bilang hakbang para maiwasan ang aksidente sa trapiko at para isiwalat at itaguyod ang kaisipan at kamalayan sa kaligtasan sa kalsada.

Itinanghal sa observation lobby ng bekkan (annex) ng Shizuoka Kenchō noong Enero 20～Enero 27, 2021 ang eksibisyon kung saan Itinampok ang 30 na tagapaghatid ng mensahe.





***"Ang aksidente sa trapiko ay hindi lamang makakaapekto sa ibang tao"***

Tuluyang mababago nito ang iyong buhay at maging ang iyong relasyon sa pamilya at mga kaibigan.

***"Sundin natin ang wastong batas trapiko at tamang asal"***

Ito ay may epekto sa buhay ng mga mahahalagang tao sa iyo.

Muling pagnilayanang mga kilos at simulan natin ang kayang gawin sa kasalukuyan!!



## Mag-ingat sa mga modus operandi ng panloloko na may kinalaman sa COVID-19!

Sa paglaganap ng COVID-19, sunod-sunod ang kaso ng mga kaduda-dudang tawag sa telepono na nanghihingi ng pera tulad ng "kailangang magbayad para sa reserbasyon ng pagpapa-tsek ng PCR o pagbabakuna" o "prioridad ang mga nagtratrabaho sa mga pagamutan ngunit kung magbabayad ka, mababakunahan ka ngayon din" na naganap sa ibang lalawigan. Sila ay nagpapanggap na empleyado ng Health Center o ng Ministerio ng Kalusugan, Kapakanan at Trabaho at may pagkakatulad sa modus operandi na tinutudla ang mga tahanan ng mga matatanda. Maituturing ito na panibagong modus operandi ng bukod tanging panloloko kaya ang lahat ay pinapaalalahanan na mag-ingat.